Mga Gamot para sa Migraine

Dalawang Uri ng mga Gamot para sa Migraine

- **Ang mga nagbibigay-ginhawa na gamot** ay tumutulong sa pamamahala ng kirot ng migraine pagkatapos nito magsimula.
- **Ang mga pang-iwas na gamot** ay tumutulong na maiwasan ang pagsimula ng mga migraine.

Maaaring kailangan mo ang isa o itong dalawang uri ng mga gamot. Makipagtulungan sa iyong doktor upang malaman kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

Ang mga Nagbibigay-ginhawa na Gamot

- Ay iniinom oras na may naramdamang kirot ng migraine.
- Ay tumutulong sa pamamahala ng kirot ng migraine pagkatapos nito magsimula.
- Ay mabilis na nagkakabisa upang makatulong sa kirot ng migraine.
- Ay maaaring makatulong sa alibadbad (pakiramdam na parang masusuka) o ibang mga sintomas.
- Ay mga pildoras o iba pang mga anyô.

Mga Pang-iwas na Gamot

- Ay iniinom araw-araw, kahit na wala kang sakit na ulo.
- Ay tumutulong upang maiwasang magsimula ang mga migraine.
- Ay makakatulong sa iyo na magkaroon ng mas kaunting migraine.
- Ay gumagana lamang kapag iniinom araw-araw.
- Karaniwang pildoras.

Siguraduhing sabihin sa iyong doktor:

- **Kung ang iyong mga gamot sa migraine ay hindi gumagana para sa iyo.**
- **Kung mayroon kang anumang mga problema sa iyong mga gamot sa migraine.**
- **Kung mayroon kang anumang mga pagbabago sa iyong kalusugan.**
- **Kung umiinom ka ng ibang mga gamot.**
- **Kung plano mong magbuntis, kung ikaw ay buntis.**

© 2006 Ang GlaxoSmithKline Grupo ng mga Kompanya. Reserbado ang lahat ng karapatan. Nilimbag sa USA. MCM063R0_Tag Mayo 2006